
3

# 3Health

## Ikaapat na Markahan – Modyul 3: Panatilihing Ligtas sa mga Palatandaan ng Kalsada



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Subject – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 3: Panatilihing Ligtas sa mga Palatandaan ng Kalsada**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Josephine C. Clarin

**Editor:** Name

**Tagasuri:** Name

**Tagaguhit:** Michelle M. Carreon, Vance Val M. Gonzales

**Tagalapat:** Name

**Tagapamahala:** Evelyn R. Fetalvero, Reynaldo M. Guillena, Janette G. Veloso, Alma C. Cifra, Analiza C. Almazan, Aris B. Juanillo, Ma. Cielo D. Estrada, Elsie E. Gagabe, Jeselyn B. Dela Cuesta, Fortunato B. Sagayno

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147

E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Health

## Ikaapat na Markahan – Modyul 3:
## Panatilihing Ligtas sa mga Palatandaan ng Kalsada

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang (Health sa Ikatlong Baitang) ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling  Panatilihing Ligtas sa mga Palatandaan ng Kalsada!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Health sa Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa (Panatilihing Ligtas sa mga Palatandaan ng Kalsada)!

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

| | |
|---|---|
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

| | |
|---|---|
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang

inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# *Alamin*


Sa modyul na ito, matututunan mo ang mga pananda at simbolo sa kalsada upang masiguro ang kaligtasan ng mga pasahero at ang mga dumaraan dito. Maipaliwanag din ang kahulugan ng mga hugis at kulay ng ilaw trapiko upang maiwasan ang sakuna at aksidente na maaring mangyayari sa hindi pagsunod sa mga gawaing pangkaligtasan. May mga gawain din na makakatulong sa iyo upang lubos mong maunawaan ang kahalagaan ng mga simbolo at pananda. Kaya halina at ating aralin ang pagiging ligtas sa kalsada.

Sa pagtatapos ng modyul na ito, inaasahan mong:

- maipaliwanag ang kahulugan ng mga pananda at simbolo sa kalsada (H3IS-IVe-23)

# *Subukin*

Masdan ang mga kulay ng ilaw trapiko. Subukin mong hulaan ang nawawalang titik upang mabuo ang salita na may kaugnayan sa kahulugan ng kulay sa ilaw trapiko.



h _ m _ _ t _

h _ m _ _ d _

t _ m _ l _ y

# Aralin 1 Panatilihing Ligtas sa mga Palatandaan ng Kalsada

Mahalaga ang mga impormasyon at babala na ibinigay sa atin ng mga pananda at simbolo sa trapiko para masiguro ang kaligtasan ng mga mamamayan. Makakatulong din ito upang mapanatiling maayos ang mga kalsada. Dapat malaki at malinaw ang mga senyales at simbolo na makikita sa kalsada upang mapansin kaagad ng mga taong dumaraan o tumatawid.

## *Balikan*

Saan dapat sumakay o bumaba ang mga pasaherong tulad mo?

Bakit mahalaga na sumunod tayo sa mga tuntunin sa kalsada?



*Mga Tala para sa Guro*

Sa pag-aaral mo sa kasanayang ito ay gagabayan ka ng iyong mga magulang o nakakatandang kapatid na maisagawa mo nang maayos ang mga pagsasanay ukol sa mga simbolo at tuntuning pangkaligtasan sa kalsada. Mahalaga na maunawaan mo ang kahulugan ng mga ito upang maisagawa mo nang maayos ang mga praktikal na gawain. Kaya pagkatandaan ang bawat panuto, babala, tuntunin at mga simbolo sa trapiko na makikita sa kalsada.

# *Tuklasin*

Ang mga taong dumaraan o ***pedestrians*** ay gumagamit ng kalsada sa paglalakad at pagtawid sa mga kalye. Kaya mahalaga na maunawaan ang iba't ibang senyales at pananda na makikita sa daan upang maiwasan ang mga pararating na aksidente. Ang mga hugis at kulay na makikita sa mga simbolo ng trapiko ay mayroong iba't ibang kahulugan.

Narito ang mga simbolo at pananda sa trapiko at ang kahulugan nito:

| | |
|---|---|
| | Pula – nagpapahiwatig na huminto! Nagbabawal din ito sa mga tumatawid at mga sasakyan na pumasok. |
| | Berde – hudyat ito na tumuloy o pumunta lalo na sa paggamit ng ilaw trapiko. Ito din ay nagpahiwatig ng direksiyon kung saan patungo ang mga dumadaan na sasakyan sa kalsada. |
| | Dilaw - ibig sabihin ng pag-iingat. Ito ay nagsisilbing babala para humanda. |
| | Dalandan – Ito ay nagpapahiwatig sa konstruksiyon. Kadalasan makikita ang simbolong ito sa mga lugar na pagtatayuan ng gusali o kulay ng *traffic cones.* |
| | Itim at Puti – nagbibigay ng regulasyon (*i.e.* limit ng tulin) |
| | Bughaw – nagbibigay patnubay. Naglalaman din ito ng mga panuto at impormasyon para sa mga motorista. |
|  | Octagon- nangangahulugan na hinto |
|   | Triangle – nagbibigay babala o karugtong na simbolo<br><br>Upside down triangle – magbigay daan |

| | |
|---|---|
| | |
|  | Diamond- nagbabala na mag-ingat dahil may panganib |
|  | Pennant- bawal pumarada sa lugar na ito |
|  | Round – para sa riles ng tren |
|  | Pentagon – pook paaralan |
|  | Round with slanting line- ipinagbabawal ang pagtawid |

# Suriin

Piliin at bilugan ang mga simbolo sa trapiko na makikita sa daan.



## Pagyamanin

### Kulayan Mo Ako!

Basahin ang mga simbolo sa trapiko at senyales sa kalsada na nasa loob ng mga bilog. Kulayan ito ayon sa mga kulay sa trapiko na ipinahiwatig nito. Gawin ito sa iyong kwaderno.

Ito ay babala na humanda na.

Nagbibigay ito ng patnubay at panuto.

Nagpapahi-watig na huminto

Kulay para sa traffic cone

Hudyat na tumuloy na

# Isaisip

Sa pagtawid sa kalsada dapat tandaan ang mga simbolo at senyales na makikita rito. Tuntunin sa trapiko ay dapat sundin upang maiiwasan at mababawasan ang mga aksidente sa kalye.

# Isagawa

Sipiin sa sagutang papel at lagyan ngtsek (✓) ang kahon kung tama ang pahayag tungkol sa mga simbolo sa trapiko sa kalsada at ekis (X) naman kung hindi. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

☐ 1. Maari nang tumawid sa kalsada kung ang ilaw trapiko ay kulay pula.

☐ 2. Gamitin ang tulay sa pagtawid sa kalsada.

☐ 3. Laging maglakad sa gilid ng kalsada upang maging ligtas.

☐ 4. Ang mga puting linya sa kalsada ay tawiran para sa mga tao.

☐ 5. Tumigil kapag nakita mo na kulay puti ang ilaw trapiko.



# *Tayahin*

A. Piliin at isulat ang letra ng tamang sagot. Sagutin ito sa iyong papel.

1. Alin sa mga sumusunod na pagsasanay ang nagpapakita ng kaligtasan sa kalsada?
   A. Lumakad malapit sa mga sasakyan.
   B. Sumabay sa pagtakbo sa mga dumaraang sasakyan.
   C. Lumakad ng nakaharap sa daloy ng trapiko.
   D. Makipagkuwentuhan sa mga kaibigan habang tumatawid sa kalsada.

2. Alin ang simbolo para sa ilaw trapiko?

A.  B. 

C.  D. 

3. Alin ang simbolo para sa “Bawal Tumawid”?

A.  C. 

B.  D. 

4. Alin ang simbolo para sa *pedestrian crossing*?

A.  C. 

B.  D. 

5. Alin ang simbolo para pook paaralan?

A. 

C. 

B. 

D. 

B. Kompletuhin ang pangungusap sa loob ng kahon.

Mahalagang sumunod sa mga batas trapiko at mga senyales sa kalsada dahil ______________________

______________________________________________________

______________________________________________________

B. Rubriks sa pangungusap

| (5) | (3) | (2) |
|---|---|---|
| Naipaliwanag nang maayos ang pangungusap. | Hindi gaano maayos ang paliwanag. | Hindi maayos ang paliwanag. |

## Karagdagang Gawain

Iguhit ang mga simbolo sa trapiko at mga senyales na makikita mo sa daan. Ipaliwanag ang kahulugan ng mga ito. Gawin ito sa iyong kuwaderno.



# *Susi sa Pagwawasto*

**Suriin**



**Balikan**

- Loading and Unloading Area
- Maaaring magkakaiba ang mga sagot

**Subukin**

1. Huminto
2. Humanda
3. Tumuloy

**Tayahin**

A.

1. c
2. c
3. b
4. a
5. c

**B.** Rubriks sa pangungusap

| (5) | (3) | (2) |
|---|---|---|
| Naipaliwanag nang maayos ang pangungusap. | Hindi gaano maayos ang paliwanag. | Hindi maayos ang paliwanag. |

**Isagawa**

1. x
2. x
3. /
4. /
5. x

**Pagyamanin**




**Karagdagang Gawain**

Maaring magkakaiba ang kanilang sagot.

# *Sanggunian*

DepEd (2013) K to 12 Health Curriculum Guide. Pasig: DepED.

Rizaldy r. Cristo, et. al., (2017). *Music, Art, Physical Education and Health Kagamitan ng Mag-aaral, Tagalog*. Quezon, Philippines: Book Media Press, Inc.

Teacher's Guide First Edition (2015). Music, Art, Physical Education and Health, Pasig City, Philippines: Department of Education – Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS)

Ibanez, N. (2012). How to read traffic signs: recognizing shapes and colors. Retrieve from http://www.dmv.org/articles/how-to-read-traffic-signs recognizing-shapes-and-colors/ - Crossing enhancements. Retrieved from http: // www.walking info.org/engineering/crossings - School safety reference manual (2004). Philippines: DuPont

https://www.canva.com/templates/EAD0VehUKUo-blue-and-purple-simple-teamwork-keynote-presenta

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph